lalawigan ng san diego

mga BMP sa imbakang tubig at underground vault

Ang mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala (BMP) na Pang-istruktura ng Stormwater ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang iyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.

Pinapanatiling Malinis ng mga BMP ang ating mga Daanan ng Tubig

Ang inyong mga BMP ay dinisenyo upang mag-alis ng mga pollutant mula sa agos ng stormwater na nabuo sa inyong propyedad, sa pinakamalawak na hangganan na kaya nitong gawin. Bilang isang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, hinihingi ng mga regulasyon ng Lalawigan na **magsagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na ang gumagana nang maayos ang inyong mga BMP.

LARAWAN 1 **Imbakang-Tubig**



Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong isang BMP na imbakang-tubig o underground vault sa inyong propyedad. Upang tulungan kayong magmentena ng BMP na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa BMP at kung paano mantenahin ang mga ito.

Paano Gumagana ang Inyong Imbakang-Tubig

Hindi tulad sa mga natural na landscape na maaaring makasipsip ng tubig-ulan, ang mga surface na hindi pinapasukan ng tubig tulad ng bubong o driveway ay nagdudulot ng mas maraming pag-agos ng stormwater.

Ang mga imbakang-tubig ang tumutugon sa epektong ito sa pamamagitan ng pagkolekta ng agos ng stormwater at dahan-dahang pagpapakawala nito sa paglipas ng panahon, upang gayahin ang mga natural na kondisyon (tingnan ang Larawan 1). Ang kontroladong pagpapakawala ng agos na ito ay nangangalaga sa imprastraktura ng storm drain na pababa ang agos, at nagpapababa sa posibilidad na magkaroon ng epektong pagguho sa mga kalapit na mga ilog at sapa.

17DIS2020

mga BMP sa imbakang-tubig at underground vault

LARAWAN 2 **Underground Vault**



Paano Gumagana ang Inyong Underground Vault

Ang **Underground Vault** (tingnan ang larawan 2) ay nagbibigay ng kaparehas na benepisyo nang may dagdag na benepisyo ng paghuli sa mga pollutant sa pamamagitan ng infiltration (pagtagos). Ang ilan sa mga pag-agos na nasala sa underground vault ay tatagos sa nakapalibot na lupa, na siyang nakakabawas sa dami ng mga pollutant na pinapalabas sa kalapit na storm drain system.

Hanapin at Mantenahin ang Inyong BMP

Ang inyong mga BMP na imbakang-tubig o underground vault ay malamang na nakalagay sa mga surface ng inyong propyedad na hindi napapasukan ng tubig, sa isang lugar na natural na lokasyon para sa agos ng stormwater. Ang mga imbakang-tubig ay kadalasang nakalagay malapit sa mga downspout. Ang mga underground vault ay kadalasang may access pipe na nakikita mula sa labas.

Kapag nakita niyo na ang inyong imbakang-tubig o underground vault, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng inyong mga BMP sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na dapat gawin:

- **Tiyakin na ang mga inlet at outlet point papunta sa mga imbakang-tubig at underground vault ay walang mga debris, basura, at sediment.**
- **Ayusin o palitan ang anumang sira o hindi epektibong screen para sa lamok.**
- **Ang mga underground vault ay magkakaroon ng riser pipe o access point upang makita ang panloob na lugar ng vault (tingnan ang larawan 2). Gamitin ang access point na ito para i-vacuum ang anumang sediment o debris na maaaring nasa sistema. Para sa mga mas malaking underground vault, maaaring kailanganin ng vacuum truck.**
- **Ang impormasyon tungkol sa manufacturer ay kadalasang nakasulat sa mga BMP access point o manhole. Kontakin ang manufacturer para sa partikular na patnubay sa kung paano maayos na mantenahin ang inyong unit.**

Bawat taon, ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ay magpapadala sa inyo ng form na patunay ng pagmementena na sasagutan, pipirmahan, at ibabalik sa Lalawigan. Ang form na ito ay ginagamit upang mapatunayan na nagawa ang kinakailangang pagmementena sa inyong BMP.

Ang hindi paggawa ng kinakailangang pagmementena ng inyong BMP ay maaring magdulot ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon.

salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
Telepono: **1-858-495-5323**
Email: **BMP.Program@sdcounty.ca.gov**
O bisitahin ang: **www.sandiegocounty.gov/stormwater**
at i-click ang “Maintaining My Structural BMP”

17DIS2020